BATAS SA MONOPOLYO AT KUMPITENSIYA
MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN

Ang mga operasyon sa negosyo ng Kompanya at ibang mga aktibidad ay napapailalim sa maraming iniaatas ng batas at regulasyon. Saligang patakaran ng Kompanya na ang lahat ng negosyo nito at ibang mga aktibidad ay isagawa sa lahat ng pagkakataon na mahigpit na sumusunod sa lahat ng mga angkop na batas at regulasyon ng Estados at ng ibang mga bansa at hurisdiksiyon kung saan ang Kompanya ay nagsasagawa ng mga naturang aktibidad, gayon din ng mataas na pamantayan para sa etikal na kilos pangnegosyo. Ang mga patakaran at pamamaraang nakalagay sa ibaba ay hinahangad na maging patnubay upang makatulong na ipatupad itong saligang patakaran tungkol sa batas sa monopolyo at kumpitensiya. Gayunman, ang mga patakaran at pamamaraang ito ay hindi hinahangad na maging isang muling pahayag ng mga prinsipyong pambatas o mga tuntunin sa pangangasiwa na angkop sa mga aktibidad ng Kompanya, na maaaring masalimuot at maaaring napapailalim sa pagbabago ng maraming eksepsiyon, pagpapabuti at bahagyang pagkakaiba. At sa mga partikular na lugar ang Kompanya para sa mga dahilang pangnegosyo at/o pangangasiwa ay nagpatibay ng mga patakaran at pamamaraan na maaaring ipataw sa mga iniaatas na higit sa mga ipinag-uutos ng mga angkop na batas o regulasyon sa monopolyo o kumpitensiya.

Panimula. Ang Estados Unidos, ang Unyon ng Europa (at ang mga indibidwal na miyembrong estado) Canada, Australia, China at marami pang ibang mga bansa at hurisdiksiyon kung saan ang Kompanya ay nagsasagawa ng negosyo ay nagpatibay ng mga batas sa monopolyo at kumpitensiya na nagpapakita ng paniniwala na ang isang pamilihan na binubuo ng malaya at masiglang kumpitensiya ay pinakamabuti sa mga mamimili at negosyo. Habang ang Kompanya ay naniniwala sa masiglang pakikipagkumpitensiya sa iba't ibang negosyo kung saan ito ay aktibo, patakaran ng Kompanya na makipagkumpitensiya sa isang ayon sa batas, makatarungan at etikal na paraan at upang sumunod nang lubos sa lahat ng mga angkop na batas sa monopolyo at kumpitensiya.

Ang mga pinakamahalagang punto sa patakaran sa pagsunod sa batas sa monopolyo at kumpitensiya ng Kompanya ay ang mga sumusunod:

- Hindi ka dapat sumang-ayon, nang pormal o di-pormal, sa isang kakumpitensiya na
  - mag-ayos ng mga presyo;
  - magpatupad ng isang bago o kasalukuyang dagdag na singil, pass-through o mark-up sa isang dagdag na singil, o magtakda ng dagdag na singil sa isang partikular na antas ng presyo o alinsunod sa isang partikular na scale ng presyo o pormula para sa pagpresyo;
  - paghatian ang negosyo o mga pamilihan; o

- tumangging makipagkalakalan sa, o mag-alok ng kredito sa, sinumang ikatlong partido.

- Ang impormasyon tungkol sa presyo ng isang kakumpitensiya, mga singil at ibang mga bagay na mahalaga sa pakikipagkumpitensiya ay dapat kunin mula sa mga pampublikong pinagkukunan, at hindi mula sa mga talakayan o ibang mga komunikasyon sa mga kakumpitensiya. Hindi mo dapat isiwalat ang presyo ng Kompanya o ibang sensitibong impormasyon sa isang kakumpitensiya nang tuwiran o gamitin ang isang parokyano o ibang ikatlong partido bilang paraan ng paghahatid ng sensitibong impormasyon sa isang kakumpitensiya,

- Kung ang mga kakumpitensiya ay nagsimulang tumalakay sa mga paksang ito, putulin sila sa pamamagitan ng isang malinaw na pahayag na magalang pero matatag na nagpapabatid na ang Kompanya ay nagpapasiya ng mga bagay na ito nang independiyetnte at, bilang patakaran ng Kompanya, hindi natin tinatalakay ang mga ito sa labas ng Kompanya.

- Bago lumahok sa mga kapisanan ng hanapbuhay o industriya, kumuha ng pag-aproba ng Departamentong Pambatas at pag-aralan ang mga patakaran ng Kompanya upang malaman kung paano iiwasan ang mga problema.

- Iulat kaagad ang mga maaaring maging masamang talakayan sa Departamentong Pambatas. Ang mga problema ay madalas na naaayos kung maagang natukoy.

- Tandaan na ang mga tuntuning ito ay umaaplay sa mga pormal na lugar ng negosyo, sa lahat ng mga komunikasyon kabilang ang mga email, at sa mga di-pormal na tagpuang panlipunan sa labas ng opisina.

Nakasaad sa ibaba ang isang mas detalyadong talakayan ng mga puntong ito at isang pangkalahatang buod ng mga pangunahing uri ng kilos na nagbubunga ng mga inaalala sa batas sa monopolyo at kumpitensiya, kasama ng mga patakaran at pamamaraan sa pagsunod ng Kompanya sa mga lugar na ito. Dahil sa maraming-katotohanan na kalikasan ng pagsusuri ng batas sa monopolyo/kumpitensiya, mahalaga na kaagad sumangguni ang mga empleyado sa Departamentong Pambatas tungkol sa anumang kalagayan na naglalabas ng maaaring maging mga katanungan sa batas sa monopolyo o kumpitensiya bago gumawa ng anumang maaaring maging masamang aksiyon. Dapat na kabilang dito ang anumang kalagayan kung saan ang mga empleyado ay naniniwala na ang mga lokal na batas sa kumpitensiya ay maaaring magpataw ng iba o karagdagang mga iniaatas. Sa unang pagkakataon, ang mga katanungan ay dapat ipadala sa Opisina ng Panrehiyong Pangkalahatang Abugado na may responsibilidad sa negosyo kung saan

lumitaw ang katanungan. Ang mga empleyado ay maaari ring sumangguni sa Grupo na Departamentong Pambatas.

1. Mga Relasyon sa mga Kakumpitensiya. Ang mga batas sa monopolyo at kumpitensiya ay pangkaraniwang nagbabawal sa mga kasunduan, pagkakaunawaan at ibang mga sama-samang aktibidad na hindi makatwirang pumipigil sa kalakalan. Ang mga batas sa monopolyo at kumpitensiya ay may mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga pakikipag-ayos sa mga kakumpitensiya na iba sa mga parokyano o tagatustos. Ang mga nagtatakdang pakikipag-ayos sa mga kakumpitensiya ay pangkaraniwang ipinagbabawal.

a. Pag-aayos ng Presyo at Ibang mga Sabwatang Pakikipag-ayos. Ang klasikong halimbawa ng mga labag sa batas na sama-samang aktibidad sa mga kakumpitensiya ay isang pormal o di-pormal na kasunduan upang "ayusin" o "patatagin" ang mga presyo. Ang mga labag sa batas na pag-aayos ng presyo ay maaaring kaugnay hindi lamang ang aktuwal na presyo kung saan ang Kompanya at mga kakumpitensiya ay nagbebenta ng kanilang mga produkto o serbisyo, pero ang anumang mga tadhana o kondisyon ng pagbebenta, tulad ng mga diskuwento, mga tadhana ng kredito, ang panahon o pahayag ng mga pagbabago ng pagpresyo, ang paggamit ng mga pormula sa pagpresyo, at ibang mga katulad ng aytem. Dagdag dito, ang mga labag sa batas na pag-aayos ng presyo ay maaaring kaugnay ang higit sa pagtatakda ng isang partikular na dolyar na presyo o abot ng presyo. Anumang mga kasunduan sa mga kakumpitensiya na tuwiran o hindi tuwirang nakakaapekto sa mga presyo, mas mataas man o mas mababa, ay maaaring ipinagbabawal. Bilang karagdagan sa mga kasunduan sa pag-aayos ng presyo, ang pormal o di-pormal na kasunduan o pagkaunawa ng mga kakumpitensiya upang (i) paghatian ang mga pamilihan, parokyano o linya ng negosyo, (ii) magtakda o maglimita ng mga antas ng kapasidad, (iii) iayon sa pamantayan ang mga produkto o serbisyo, (iv) pag-ugnayin ang subasta, o (v) iboykoteo o tanggihan ang makipagkalakalan sa mga partikular na tagatustos o parokyano, ay pangkaraniwan ding ipinagbabawal sa ilalim ng mga batas sa monopoloyo at kumpitensiya.

Patakaran ng Kompanya na ang mga desisyon sa negosyo — kabilang ang pagpapasiya ng mga presyo, mga patakaran sa presyo, mga tadhana at kondisyon ng pagbebenta ng mga produkto at serbisyo ng Kompanya, ang mga pamilihan o linya ng negosyo kung saan ang Kompanya ay nakikipagkumpitensiya at ang mga parokyano at tagatustos na ang Kompanya ay nakikipagkalakalan — na gawin nang independiyente, isinasaalang-alang ang lahat ng mga may-kaugnayang bagay, kabilang ang mga gastos at mga layuning tubo ng Kompanya, mga maipanlalabang presyo Kaya, ang mga empleyado ay pinagbabawalan na pumasok sa anumang uri ng kasunduan, pagkakaunawaan o pakikipag-ayos sa mga kakumpitensiya ukol sa mga pagpresyo, mga patakaran sa presyo, ibang mga tadhana o kondisyon ng pagbebenta o pagbili, ang mga pamilihan o mga linya ng negosyo kung saan nakikipagkumpitensiya ang Kompanya, ang mga parokyano at tagatustos na ang Kompanya ay makikipagkalakalan o ibang mga bagay na mahalaga sa kumpitensiya. Patakaran ng Kompanya na huwag mag-imbita ng mga kakumpitensiya na lumahok sa mga sabwatang aktibidad, at upang malinaw at walang-kondisyon na tanggihan ang anumang mga naturang imbitasyon na maaaring matanggap ng Kompanya mula sa iba. Sinumang empleyado na tumanggap ng imbitasyon o mungkahi mula sa isang

kakumpitensiya upang lumahok sa isang sabwatang pakikipag-ayos ay dapat na magalang pero matatag na magsabi na labag sa patakaran ng Kompanya na lumahok sa mga naturang aktibidad o maging ang tumalakay ng mga naturang bagay sa mga kakumpitensiya, tapusin ang talakayan at kaagad na iulat ang bagay sa Departamentong Pambatas.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga uri ng kilos o aktibidad na dapat iwasan ang pagsang-ayon sa isa o higit na kakumpitensiya na:

- ang isang bagong dagdag na singil o ibang mga karagdagang singil ay dapat ipatupad o ang pagtrato ng isang kasalukuyang singil ay dapat baguhin;

- ang isang bago o kasalukuyang dagdag na singil o ibang mga pansuportang singil ay dapat tratuhin na pass-through o mark-up; o

- isang partikular na dagdag na singil o ibang mga pansuportang singil ay dapat itakda sa isang partikular na antas ng presyo o alinsunod sa isang partikular na scale ng presyo o pormula para sa pagpresyo.

Dapat malaman ng mga empleyado na hindi lamang ang mga pormal o ipinahayag na kasunduan ang ipinagbabawal. Anumang urin ng di-pormal o "gentlemen's agreement," o ibang hindi ipinahayag o pahiwatig na pagkakaunawaan tungkol sa mga presyo, o ibang mga bagay na mahalaga sa kumpitensiya, ay ipinagbabawal din. Sa bagay na ito, hindi kailangan ng ebidensiya ng ipinahayag o nakasulat na labag sa batas na kasunduan upang ipasiya ng isang regulator o lupon ng mga tagahatol ang paglabag sa batas sa monopolyo o kumpitensiya. Ang mga labag sa batas na pakikipag-ayos ay maaaring mahinuha mula sa mga ebidensiya na nauukol sa pagkakataon. Halimbawa, ang isang pangkaraniwang usapan ng mga magkakakumpitensiya tungkol sa mga antas ng baseng presyo o sa halaga, oras o angkop na pagtrato (halimbawa, pass through, markup) ng isa o higit na mga dagdag na singil o ibang mga pansuportang singil sa isang grupo ng hanapbuhay sa industriya o pagtitipon, sa ibang mga lugar o sa pamamagitan ng mga email, kasama ng ebidensiya ng kasunod na katapat na aktibidad ng mga kakumpitensiya, ay maaaring bigyang-kahulugan na pagkatapos ng katotohanan bilang isang paglabag sa mga batas sa monopolyo o kumpitensiya. Tulad nito, ang isang hindi wastong kasunduan, pagkakaunawaan o pakikipag-ayos ay hindi kailangang pasukan nang tuwiran ng mga magkakumpitensiya. Ang naturang kasunduan ay maaariring lumitaw dahil sa mga komunikasyon sa pamamagitan ng isang tagapamagitan tulad ng isang parokyano, tagatustos, napapailalim ng kontratista o ibang intermedyang partido. Kaya, ang impormasyong sensitibo sa kumpitensiya ay hindi dapat ibahagi sa mga ikatlong partido bilang paraan upang ipasa ang ganitong uri ng impormasyon sa mga kakumpitensiya. Ang naturang impormasyon ay hindi rin dapat makuha mula sa mga ikatlong partido na ginagamit bilang padaluyan upang ibahagi ang impormasyon sa mga kakumpitensiya.

Gaya ng mga inilalarawan ng mga halimbawa sa itaas, ang mga komunikasyon sa mga kakumpitensiya tungkol sa mga bagay na mahalaga sa kumpitensiya ay nagbubunga ng mga espesyal na inaalala dahil ang mga ito ay maaaring bigyan ng maling kahulugan bilang bahagi ng

isang labag sa batas na kasunduan, pagkakaunawaan o pakikipag-ayos. Tunay, sa ilalim ng mga partikular na kalagayan, kahit na ang isang-direksiyong palitan ng impormasyon ay maaaring ipakahulugan bilang hindi wasto sa ilalim ng mga batas sa monopolyo at kumpitensiya. Kaya, ang mga empleyado ay pangkaraniwang dapat umiwas na talakayin, ibahagi o ipahayag sa sinumang empleyado, kinatawan o ahente ng isang kakumpitensiya ang anumang impormasyong nauukol sa nakaraan, pangkasalukuyan o panghinaharap na mga presyo ng Kompanya o ng kakumpitensiya, mga patakaran sa pagpresyo, mga dagdag na singil o ibang mga pansuportang singil, ibang mga tadhana o kondisyon ng pagbebenta o ibang mga bagay na mahalaga sa kumpitensiya. Ang mga empleyado ay pangkaraniwang hindi maaaring magbigay ng naturang impormasyon sa mga kakumpitensiya, o maghangad ng naturang impormasyon mula sa mga kakumpitensiya. Ang isang empleyado ay hindi rin maaaring magtangkang lusutan ang mga tuntuning ito tungkol sa mga ipinagbabawal na komunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng ibang tao, tulad ng isang ahente o ibang ikatlong partido, upang makakuha ng impormasyon na ang empleyado ay pinagbabawalang tuwirang kunin.

Habang ang mga presyo ng mga kakumpitensiya ay maaaring isaalang-alang sa paggawa ng mga presyo o ibang mga desisyon ng negosyo, ang impormasyon tungkol sa mga presyo ng mga kakumpitensiya ay dapat na bilang pangkaraniwang bagay ay kunin lamang mula sa) o mga parokyano kung saan ang mga presyo ay sinipi na hinihingi sa Kompanya na tumbasan ang isang partikular na presyo o singil — at hindi mula sa mga kakumpitensiya, kahit na upang tiyakin lamang ang isang alok o presyo na sinasabing natanggap ng parokyano. Mabuti ring idokumento ang lehitimong pinagkukunan ng impormasyon ng kakumpitensiya upang walang hindi pagkakaunawaan sa pinanggalingan pagkatapos ng katotohanan. Halimbawa, kung ang isang parokyano ay nagbigay sa isang kakumpitensiya ng presyo sa pagsisikap na matugunan o talunin ng Kompanya ang presyo, itala sa dokumento ang petsa at pinagkunan ng impormasyon.

Ang mga empleyado ay tiyak na makikipag-ugnayan sa mga kakumpitensiya ng Kompanya sa mga pagtitipong pangnegosyo at panlipunan, at hindi hangarin ng mga patakaran at pamamaraan sa itaas na hadlangan ang mga pakikipag-ugnayang ito. Gayunman, ang mga empleyadong natagpuan ang mga sarili na nahila sa mga talakayan ng mga ipinagbabawal na paksa o naglabas ng mga inaalala ukol sa batas sa monopolyo at kumpitensiya ay dapat magpahayag kaagad nang malinaw ng kanilang hindi pagsang-ayon sa paksa at tapusin ang talakayan. Sa isang grupong kalagayan, ito ay maaaring mangailangan ng paglayo sa grupo kung ang hindi angkop o maaaring masamang talakayan ay magpatuloy. Kahit pagkatapos sabihin ang pagsalungat, ang hindi paglayo ng empleyado mula sa grupo (sa pamamagitan ng malinaw na pagsasabi na ang ating Kompanya at hindi gumagawa at hindi gagawa ng mga naturang aktibidad) ay ipapakahulugan na tahimik na pagsang-ayon kung ang isang hindi wastong talakayan ay nagpatuloy. Sa mga kalagayan kung saan ang isang rekord ay pinananatili — halimbawa, ang isang pulong ng kapisanan ng hanapbuhay — dapat hilingin ng mga empleyado na ang kanilang pagtutol (at, kung kailangan, ang kanilang pag-alis mula sa pulong) ay itala sa rekord at humiling ng isang kopya ng rekord. Anumang mga naturang insidente ay dapat na iulat kaagad sa Departamentong Pambatas.

Napakahalagang iwasan ang anumang kilos na bumubuo o maaaring ipakahulugan pagkatapos ng katotohanan bilang ebidensiya ng isang kasunduan,

pagkakaunawaan o pakikipag-ayos upang ayusin ang mga presyo o lumahok sa ibang mga Mahalaga rin sa pagsusulat ng mga email at ibang mga dokumento na iwasan ang paggamit ng hindi tiyak, eksaherado o ibang pananalita na maaring ipakahulugan na nagmumungkahi ng naturang kasunduan sa isa o higit na mga kakumpitensiya, gayong walang naturang kasunduan na nangyari. Halimbawa, huwag isulat ang tungkol sa industriya o isang kakumpitensiya na sumang-ayon sa isang partikular na gawain gayong ang mga katotohanan ay ang kompanya, nang walang talakayan sa isa't-isa, ay humantong sa independiyenteng paghahangad ng mga katulad na gawain.

b. *Tunay* na mga Transaksiyon sa mga Kakumpitensiya. Ang isang eksepsiyon sa mga patakaran ng Kompanya sa mga komunikasyon sa mga kakumpitensiya na nauukol sa mga bagay na mahalaga sa kumpitensiya ay para sa mga kalagayan kung saan ang Kompanya ay pumapasok *tunay* na mga pagbebenta o ibang mga transaksiyong pangnegosyo sa isang kakumpitensiya. Sa mga naturang kalagayan kailangan siyempre na talakayin ang presyo at mga kaugnay na impormasyon na makabuluhan sa pagkumpleto ng transaksiyon. Gayunman, ang eksepsiyong ito ay tatratuhin nang makitid, at hindi maaaring gamitin bilang pagkakataon upang lumahok sa mga ipinagbabawal na komunikasyon o upang palusutan ang mga patakaran ng Kompanya sa batas sa monopolyo at kumpitensiya. Upang tiyakin na ang mga angkop na patnubay ay sinusunod kaugnay ng mga komunikasyon sa mga kakumpitensiya, ang mga empleyadong kalahok sa maaaring maging mga transaksiyon sa mga kakumpitensiya ay dapat munang sumangguni sa kanilang pinakamalapit na superbisor at, kung kailangan, sa Departamentong Pambatas nang maaga kung may katanungan tungkol sa mga angkop na pamantayan o angkop na kilos.

Ang ibang eksepsiyon ay para sa *tunay* na mga transaksiyon ng magkasamang pakikipagsapalaran. Ang mga magkasamang pakikipagsapalaran ay nagiging laganap sa ilang industriya at maaaring magsilbi ng mga lehitimong layunin na maka-kumpitensiya. Gayunman, dahil ang mga magkasamang pakikipagsapalaran ay binubuo ng magkasamang aktibidad ng mga magkakumpitensiya, ang Departamentong Pambatas ay dapat na sangguniin bago pumasok ang Kompanya sa anumang naturang pakikipag-ayos na hindi pa naaprobahan mula sa perspektiba ng batas sa monopolyo o kumpitensiya.

c. Mga Kapisanan ng Hanapbuhay at Industriya. Ang mga kapisanan ng hanapbuhay at ibang mga grupo ng industriya ay maaaring magsilbi ng mga lehitimong layunin. Gayunman, ang mga miyembro at paglahok ng Kompanya sa mga kapisanan ng hanapbuhay (o ibang mga grupo ng industriya) ay maaaring magpalabas ng mga partikular na inaalala dahil ang mga ito ay kaugnay ng mga pulong at ibang mga grupong aktibidad ng mga magkakakumpitensiya. Ang mga empleyado ay hindi maaaring sumali o lumahok sa mga aktibidad ng mga kapisanan ng hanapbuhay (o ibang mga grupo ng industriya) kung saan ang mga kakumpitensiya ay mga miyembro o kalahok maliban kung sumangguni sa Departamentong Pambatas. Kung ang mga empleyado ay kasalukuyang mga miyembro o lumahok sa anumang mga naturang kapisanan, grupo o pagtitipon, ang Departamentong Pambatas ay dapat na magkaloob kaagad ng kasalukuyang listahan.

Ang mga empleyadong lumalahok sa mga kapisanan ng hanapbuhay o mga katulad na aktibidad (o, talaga, sa anumang panlabas na propesyonal o panlipunang pagtitipon na kaugnay ang mga kakumpitensiya) ay dapat na maging sensitibo, at iwasan ang anumang paglahok, sa anumang aktibidad o talakayan na maaaring ipakahulugan na hindi wastong sama-samang aksiyon ng mga magkakakumpitensiya.

Ang mga kapisanan ng hanapbuhay at ibang industriya ay hindi angkop na lugar upang talakayin ang mga presyo, dagdag na singil o ibang mga pansuportang singil, o ibang mga tadhana at kondisyon ng pagbebenta o mga bagay na mahalaga sa kumpitensiya. Ito ang kaso hindi lamang para sa pormal na bahagi ng mga pagtitipon ng kapisanan ng hanapbuhay o ibang industriya, kundi gayon din sa mga di-pormal na sesyon (na pangkaraniwang dapat iwasan) at maging sa mga karaniwang pag-uusap. Ang Kompanya ay nagtatakda ng mga patakaran nito sa mga isyu tulad ng mga halaga ng mga dagdag na singil at kung ang mga ito ay ipinapasa sa mga parokyano nang buo, o bahagi o may may markup nang unilateral, at hindi lumalahok sa anumang mga pagsisikap, pormal o di-pormal, upang marating ang pagkakasundo ng industriya sa mga naturang bagay.

Sa mga halimbawa ng mga aktibidad ng kapisanan ng hanapbuhay na maaaring lehitimo, pero maaaaring maglabas ng mga inaalala sa batas sa monopolyo o kumpitensiya sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, ay kabilang ang:

-- pagtanggal o hindi pagsasama ng mga aktuwal o maaaring maging mga miyembro (dahil sa ilalim ng mga partikular na pangyayari ang naturang kilos ay maaaring bumuo ng hindi wastong grupong boykoteo);

-- mga aktibidad na nagtatakda ng “pamantayan sa industriya” (dahil sa ilalim ng mga partikular na pangyayari ang naturang kilos ay maaaring gamitin nang labag sa batas upang hindi isama ang kumpitensiya);

-- pagtitipon, pamamahagi at/o palitan ng mga datos ng industriya o ibang impormasyon na mahalaga sa kumpitensiya (dahil ang mga naturang palitan ay maaaring tingnan sa mga partikular ng pangyayari bilang bahagi ng isang pakikipag-ayos na ayusin ang presyo o bilang nagtatatag o nagtataas ng mga presyo), maliban sa kung saan ang impormasyon ay pinagsama upang walang kompidensiyal na impormasyon (maging ang mas malawak na uri) na makukuha mula rito tungkol sa mga partikular na kompanya;

-- paghaharap ng mga pananaw ng “industriya” sa mga lupong pambatasan o sa mga ahensiya ng pamahalaan o pangangasiwa (dahil ang naturang aktibidad ay maaaring gamitin bilang balatkayo sa mga pagsisikap na pinsalain o alisin ang isang kakumpitensiya).

Ang mga empleyado ay hindi maaaring lumahok sa mga io o sa anumang ibang mga aktibidad ng kapisanan ng hanapbuhay (o ibang grupo ng industriya) na nagpapalabas ng maaaring maging inaalala sa batas sa monopolyo o kumpitensiya nang hindi muna sinasangguni ang Departamentong Pambatas. Hindi dapat ipalagay ng mga empleyado na ang mga aktibidad ng kapisanan ng hanapbunay (o ibang grupo ng industriya) ay ipinahihintulot sa ilalim ng mga batas sa monopolyo o kumpitensiya dahil ang isang abugado ay naroroon sa isang pulong o ibang pagtitipon. Bilang karagdagan, ang mga kapisanan ng hanapbuhay (o ibang mga grupo ng industriya) ay pangkaraniwang hindi isang angkop na talakayan para sa paglalabas ng mga reklamo laban sa mga kakumpitensiya, at ang Departamentong Pambatas ay dapat sangguniin tungkol sa angkop na paraan ng paghawak sa mga naturang karaingan.

Upang matiyak na ang mga aktibidad ng kapisanan ng hanapbuhay at ibang industriya na maaaring gustong daluhan ng isang empleyado ay isinasagawa nang lubos na sumusunod sa mga batas sa monopolyo at kumpitensiya, ikaw ay inaatasan na gawin ang mga sumusunod na hakbang na kaugnay ng mga naturang pulong:

- Bilang pangkalahatang bagay, ang mga kapisanan ng hanapbuhay o industriya kung saan ang mga empleyado ay kalahok ay dapat na may wastong programa sa pagsunod sa batas sa monopolyo o kumpitensiya;

- Bilang pangkalahatang bagay, kumuha ng mga adyenda ng pulong (nang maaga, kapag makukuha), tiyakin na ang adyenda ay kumpleto at hindi kabilang ang mga bagay na maaaring humantong sa mga talakayan laban sa kumpitensiya, talakayin sa Departamentong Pambatas (nang maaga, kapag nakahanda) ang anumang katanungan na maaaring ilabas tungkol sa pagiging angkop ng paksa ng adyenda;

- Kumuha at magpanatili ng mga tumpak na tala ng mga aytem na tinalakay sa mga pulong at magbigay ng mga kopya sa Departamentong Pambatas pagbalik mo;

- Lubos na mag-ingat sa mga talakayan sa mga kakumpitensiya bago o pagkaraan ng pormal na mga pulong ng kapisanan ng hanapbhuay o sa mga pahinga; at

- Makipag-ayos upang makakuha sa tamang oras ng mga kopya ng anumang katitikang kinuha, at ibigay ang mga ito sa Departamentong Pambatas.

Dapat alam ng mga empleyado na ang hindi wastong kilos ng ilang miyembro ng isang kapisanan ng hanapbuhay (o ibang grupo ng industriya) ay maaari sa ilalim ng mga partikular na pangyayari na ipalagay na ginawa ng ibang mga miyembro, kahit na sa mga hindi lumahok sa mga aktibidad pero alam ang mga ito. Bilang resulta, ang mga empleyado ay dapat na partikular na mapagbantay sa paglahok sa mga aktibidad ng kapisanan ng hanapbuhay at

ibang industriya. Ang mga empleyado na natagpuan ang mga sarili na nahila sa anyo ay ipinagbabawal o maaaring masamang talakayan o aktibidad ay dapat sumunod sa mga pamamaraang nakabalangkas sa itaas para sa pagtatapos/ pag-alis mula sa mga naturang talakayan o aktibidad, kabilang ang kaagad na pagpapayo sa Departamentong Pambatas upang tiyakin na walang iba pang aksiyon na iniaatas upang maperpekto ang naturang pagtatapos o pag-alis.

2. Mga Relasyon sa mga Parokyano at Tagatustos.

Pangkalahatan. Bilang pangkalahatang bagay, ang Kompanya ay malayang makipagkalakalan o huwag makipagkalakalan sa sinumang pinili nito, at maaaring malayang pumili ng mga parokyano at tagatustos. Ang mga naturang desisyon ay gagawin nang independiyente, at hindi dapat na maging resulta ng anumang kasunduan o pagkakaunawaan sa isang kakumpitensiya, o sa isang kakumpitensiyang parokyano o tagatustos, na huwag makipagkalakalan sa mga partikular na parokyano o tagatustos.

Ang pagtangging makipagkalakalan sa mga maaaring maging parokyano at tagatustos, at ang mga pagtatapos ng mga relasyong pangnegosyo sa mga kasalukuyang parokyano at tagatustos, ay maaaring maglabas ng mga inaalala sa batas sa monopolyo o kumpitensiya. Tulad ng ibang mga desisyon sa negosyo, ang patakaran ng Kompanya ay gumawa ng mga indepediyenteng desisyon tungkol sa mga relasyong pangnegosyo sa mga tagatustos o parokyano. Kaya, ang mga empleyado ay dapat mag-ingat upang maiwasan ang paglikha ng anyo na ang lehitimong pagtanggi ng Kompanya na makipagkalakalan sa, o pagtatapos ng, isang aktuwal o maaaring maging parokyano o tagatustos ay resulta ng isang labag sa batas na kasunduan sa isang kakumpitensiya o isang kakumpitensiyang parokyano o tagatustos. Halimbawa, ang mga empleyadong tumanggap ng mga reklamo mula sa isa o higit na tagatustos (o mga parokyano) tungkol sa mga presyo o ibang mga aktibidad ng negosyo ng ibang tagatustos (o parokyano) ay dapat linawin sa nagrereklamo na titingnan ng Kompanya ang reklamo at saka gagawa o hindi gagawa ng anumang aksiyon na ituturing ng Kompanya na angkop sa independiyenteng pasiyang pangnegosyo.

Mga Partikular na Pakikipag-ayos na Maaaring Maglabas ng mga Inaalala sa Monopolyo. Patakaran din ng Kompanya na ang mga parokyano at tagatustos ay maging malaya sa mga hindi wastong pagpigil ng Kompanya, sinang-ayunan man o ipinataw, sa kanilang kakayahang gumawa ng mga independiyenteng desisyon sa negosyo. Ang mga uri ng mga pakikipag-ayos sa mga parokyano at tagatustos sa ibaba ay ipinasiyang lumalabag sa mga batas sa monopolyo o kumpitensiya kung saan nagpapataw sila ng mga hindi makatwirang limitasyon sa kumpitensiya at kalakalan, bagaman ang ilan sa mga gawaing ito ay maaaring ipinahihintulot sa ilalim ng mga partikular na pangyayari. Kaya, ang mga empleyadong nag-iisip na pumasok sa anumang uri ng mga pakikipag-ayos na inilarawan sa itaas, o anumang pakikipagpayos na pinaniniwalaan nilang maaaring maglabas ng mga katulad na isyu o inaalala ay dapat sumangguni sa Departamentong Pambatas nang maaga kung may katanungan tungkol sa mga angkop na pamantayan o angkop na direksiyon ng kilos.

Mga Nagtataling Pakikipag-ayos. Ang isang nagtataling pakikipag-ayos ay ang gawain na mag-atas sa isang parokyano na bumili ng isang produkto o serbisyo upang makakuha ng ibang produkto o serbisyo na tunay na gusto ng parokyano. Bilang pangkalahatang bagay, ang mga parokyano ay malayang bumili ng mga produkto at serbisyo lamang na gusto nila mula sa Kompanya, at hindi maaaring atasan na bumili ng mga produkto o serbisyo na hindi sila interesado bilang isang kondisyon upang sila ay pahintulutang bumili ng gusto nila.

Ang pangkalahatang pagbabawal sa mga nagtataling pakikipag-ayos ay hindi umaaplay sa mga lehitimong pagsisikap na magbenta ng maraming produkto o maraming serbisyo sa isang pakete, sa kondisyon na ang nagbebenta ay nakahandang ibenta ang bawat isa ng mga produkto at serbisyo nang nakahiwalay sa mga makatotohanang presyo kung saan ang pag-aalok ng mga nakahiwalay na produkto o serbisyo ay magagawa batay sa kabuhayan (at iba pa). Ang mga nagtataling pakikipag-ayos ay maaari ring ipahintulot kung ang epekto sa kumpitensiya o kalakalan ay hindi malaki.

Pagtutugunang Pakikipag-ayos. Ang mga pagtutugunang pakikipag-ayos ay kaugnay ng pagbase sa antas ng negosyo ng Kompanya sa isang aktuwal o maaaring maging tagatustos sa antas ng pagtangkilik ng partidong iyon sa mga produkto o serbisyo ng Kompanya.

Patakaran ng Kompanya na gumawa ng mga desisyon sa pagbili batay lamang sa presyo, kalidad, serbisyo, pangangailangan at ibang mga kaugnay na bagay, at hindi batay sa antas ng negosyo ng partido sa Kompanya. Ang mga empleyado ay dapat umiwas sa mga komunikasyon na maaaring ipakahulugan na nagmumungkahi sa anumang paraan na ang mga pagbili ng Kompanya mula sa isang aktuwal o maaaring maging tagatustos ay maaaring bawasan kung ito ay hindi bumibili ng mga produkto at serbisyo ng Kompanya.

Pakikipag-ayos na Eksklusibong Pagnenegosyo. Ang mga pakikipag-ayos na eksklusibong pagnenegosyo ay kaugnay ng gawaing paglimita sa kakayahan ng mga parokyano o tagatustos na makipagkalakalan sa mga kakumpitensiya at mga maipanlalabang produkto o serbisyo, o makipagkalakalan sa mga partikular na lugar. Ang mga kontrata sa iniaatas ay isang anyo o pakikipag-ayos na eksklusibong pagnenegosyo kung saan ang isang parokyano o tagatustos ay bumibili o nagbebenta ng lahat ng malaking bahagi ng mga iniaatas o nailalabas nito mula o patungo sa ibang partido. Ang mga pakikipag-ayos na ito ay maaaring maglabas ng mga katanunan sa batas sa monopolyo o kumpitensiya at ang mga empleyadong naghahangad ng mga ganitong uri ng pakikipag-ayos ay dapat sumangguni sa Departamentong Pambatas kapag may katanungan tungkol sa mga angkop na pamantayan o angkop na direksiyon ng kilos.

3. Unilateral na Aktibidad. Bilang karagdagan sa pagbabawal sa mga partikular na magkakasamang aksiyon ng mga magkakakumpitensiya, ang mga batas sa monopolyo at kumpitensiya ay nagbabawal sa mga aksiyon ng isang kompanya na bumubuo ng monopolisasyon o mga pagtatangkang monopolisasyon. Ang monopolisasyon ay binubuo ng pagkakamit o pagpapanatili ng kapangyarihan ng pamilihan — iyon ay ang kakayahan ng isang

kompanya na unilateral na kontrolin ang mga presyo o hindi isama ang mga aktuwal o maaaring maging mga kakumpitensiya — tungkol sa pamilihan para sa isang partikular na produkto o serbisyo. Ang pagdadala ng isang dominanteng posisyon sa pamilihan o malaking kapangyarihan sa pamilihan ay hindi sa sarili nito labag sa batas sa ilalim ng mga batas sa monopolyo. Ang isang kompanya ay maaaring magkamit ng isang malaki o maging ng dominanteng kabahagi na posisyon sa pamilihan bilang bunga ng lehitimong negosyo o maipanlalabang kasanayan o bilang resulta ng makasaysayang aksidente.

Ang mga batas sa monopolyo at kumpitensiya, gayunman, ay pangkaraniwang nagbabawal sa mga hindi makatarungang paggamit ng kapangyarihan sa pamilihan upang alisin o pinsalain ang kumpitensiya. Ang mga batas sa monopolyo at kumpitensiya ay nagbabawal din sa hindi makatwirang paghahangad na gamitin ang isang dominanteng posisyon sa isang pamilihan patungo sa ibang pamilihan. Ang isang karaniwang halimbawa ng maaaring masamang gawain ukol dito a kilala bilang "maninilang pagpresyo," ang gawain ng pagpresyo na mas mababa sa angkop na sukat ng halaga (pangkaraniwan para sa isang mahabang panahon) para sa layunin na alisin ang mga kakumpitensiya sa panandalian at sa gayon ay binabawasan ang kumpitensiya sa pangmatagalan. Bagaman maraming kakumpitensiya sa mga negosyo ng Kompanya, ang mga batas sa monopolyo at kumpitensiya ay madalas na napakahigpit sa mga gawaing ito. Kaya, ang mga empleyado ay hindi maaaring lumahok sa naturang maninilang pagpresyo o pagsikapan ang ibang mga gawain, istratehiya o taktika na maaaring ipakahulugan na idinisenyo nang hindi makatwiran upang pinasalain o hindi isama ang kumpitensiya o mga kakumpitensiya, at dapat sumangguni sa Departamentong Pambatas bago ang pagpapatupad ng naturang gawain, istratehiya o taktika.

4. Hindi Makatarungang Kumpitensiya. Ang mga batas sa marami sa mga bansa kung saan ang Kompanya ay nagsasagawa ng negosyo ay nagbabawal din sa mga hindi makatarungang paraan ng kumpitensiya at hindi makatarungan o mapanligaw na mga aksiyon at gawain. Ang mga batas na ito ay idinisenyo upang protektahan ang mga kakumpitensiya at mga mamimili. Sa maraming pagkakataon, ang mga batas na ito ay nagbabawal sa mga katulad na uri ng kilos na ipinagbabawal ng mga batas sa monopolyo. Ang pederal at pang-estadong batas sa hindi makatarungang kumpitensiya ay nagbabawal din sa ibang kilos na maaaring ituring na hindi makatarungan o mapanlinlang na maaaring hindi ipinagbabawal ng mga batas sa monopolyo.

Habang imposibleng ilista ang lahat ng magkakaibang uri ng kilos na ipinasiyang labag sa batas sa ilalim ng mga batas sa "hindi makatarungang kumpitensiya" sa mga partikular na pangyayari, kabilang sa ilang halimbawa ang: (i) pangkomersiyong panunuhol o pagbabayad upang magtulak ng negosyo o paglabag sa mga kontrata ng iba; (ii) pagtatamo ng mga sekretong pangkalakal ng isang kakumpitensiya sa pamamagitan ng panunuhol o pagnanakaw; (iii) paggawa ng hindi totoo, mapanlinlang o mapanghamak na pahayag o paghahambin tungkol sa mga kakumpitensiya o sa kanilang mga produkto; at (iv) paglalagay ng maling tatak sa mga produkto; at (v) paggawa ng mga apirmatibong pahayag tungkol sa sariling mga produkto nang walang makatwirang batayan para gawin ito. Ang mga empleyado ay dapat umiwas sa mga ito

at sa anumang ibang mga hindi etikal, hindi makatarungan o mapanlinlang na gawaing pangnegosyo.

Sa partikular, lahat ng mga pampublikong pahayag ng o sa ngalan ng Kompanya, kabilang ang mga kaugnay ng anunsiyo, mga materyal sa promosyon, mga pagkatawan sa pagbebenta, mga warranty at garantiya, ay dapat na laging makatotohanan at may makatwirang batayan, at hindi dapat mapanligaw o sadyang ginawang madaling bigyan ng maling kahulugan. Walang empleyado na lilikha, mag-aaproba o mamamahagi ng anumang anunsiyo o ibang mga materyal para sa mga produkto o serbisyo ng Kompanya na hindi totoo, mapanligaw o mapanlinlang o hindi sumusunod sa mga angkop na batas at regulasyon.

6. Pag-uulat. Ang mga empleyadong may mga katanungan tungkol sa paggamit ng mga batas sa monopolyo o kumpitensiya sa mga negosyo o ibang mga aktibidad ng Kompanya ay dapat sumangguni sa Departamentong Pambatas bago gumawa ng anumang aksiyon tungkol sa may katanungan. Bilang karagdagan, ang mga empleyadong nakaalam ng anumang kilos na anyong lumalabag sa mga batas sa monopolyo o kumpitensiya, o sa mga patakaran at mga pamamaraan ng Kompanya sa mga lugar na ito, ay dapat dalhin kaagad ang mga naturang bagay sa atensiyon ng Departamentong Pambatas. Maaari ring iulat ng mga empleyado ang mga naturang bagay alinsunod sa mga pamamaraan sa pag-uulat gaya na nakasaad sa Mga Alituntunin ng Kilos Pangnegosyo ng CEVA.

Ang mga empleyadong may dahilan upang maniwala na ang Kompanya ay nasasaktan ng isang maaaring paglabag sa mga batas sa monopolyo o kumpitensiya ay dapat iulat kaagad ang bagay sa Departamentong Pambatas. Ang mga empleyado hindi dapat gumawa ng mga gumaganting hakbang sa sarili nila, dahil ang naturang kilos mismo ay maaaring bumuo ng isang paglabag sa mga batas sa monopolyo o kumpitensiya.

Tagapagpaganap na Lupon ng CEVA
Nobyembre 8, 2007